

Bayad na Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit: Ang Dapat Malaman ng Mga Employer

Magiging epektibo ang mga bagong pag-amyenda sa Batas sa Pinagtrabahuhanang Panahon Para sa Kaligtasan at Sakit (Earned Safe and Sick Time Act) (Paid Safe and Sick Leave Law o Batas sa Bayad na Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit) ng NYC sa Setyembre 30, 2020 at Enero 1, 2021. Kung ikaw ay pribado o nonprofit an employer sa NYC o kung employer ka ng mga domestic worker (kasambahay) sa NYC, basahin ang fact sheet na ito¹ para maunawaan ang mga responsibilidad ng employer. Sa ilalim ng Batas, may karapatan ang mga sakop na empleyado na gamitin ang pagliban para sa kaligtasan at sakit para sa:

- kalusugan, kabilang ang pangangalaga at paggamot ng sarili o miyembro ng pamilya; at
- kaligtasan², kabilang ang para humingi ng tulong o gumawa ng ibang mga hakbang para sa kaligtasan kung ang empleyado o isang miyembro ng pamilya ay maaaring biktima ng anumang gawain o banta ng karahasan sa tahanan o hindi ninanais na interaksyon, pag-stalk, o pagpupuslit ng tao sa iligal na paraan (human trafficking).

Dapat Magbigay ang Lahat ng Pribado at Nonprofit na Employer at Mga Employer ng Mga Domestic Worker (Kasambahay) ng Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit

Dami ng Mga Empleyado	Taunang Kita ng Employer	Dami ng Pagliban kada Taon ng Kalendaryo*	May Bayad o Walang Bayad na Pagliban
1-4	Mas mababa sa \$1 milyon	Hanggang 40 oras	Walang bayad
	epektibo sa 1/1/2021: \$1 milyon o higit pa	Hanggang 40 oras	May bayad
5 o higit pang empleyado ng pribado o nonprofit na employer O epektibo sa 9/30/2020: 1 o higit pang domestic worker (kasambahay) na empleyado ng employer na sambahayan	Hindi Naaangkop	Hanggang 40 oras	May bayad
epektibo sa 1/1/2021: 100 o higit pang empleyado ng pribado o nonprofit na employer o employer ng mga domestic worker (kasambahay)	Hindi Naaangkop	Hanggang 56 na oras	May bayad

*Tandaan: Ang "Taon ng Kalendaryo" ay nangangahulugang anumang regular at patuloy na 12 buwan na panahon na tinukoy ng employer.

Kung kinakailangan mong magbigay ng bayad na pagliban para sa kaligtasan at sakit, dapat mong bayaran ang iyong mga empleyado ng kanilang regular na rate kada oras at hindi mas mababa sa kasalukuyang minimum wage.

Kung mayroon kang umiiral na patakarang pinapayagan ang mga empleyado na gumamit ng pagliban para sa kaligtasan at sakit, dapat ay natutugunan o hinihigitan ng iyong patakaran ang mga hinihiling ng Batas.

Mga Empleyadong Hindi Sakop ng Batas

Hindi ka kailangang magbigay ng pagliban para sa kaligtasan at sakit sa mga sumusunod na empleyado:

- Mga mag-aaral sa mga pederal na programa sa trabaho at pag-aaral
- Mga empleyadong binabayaran para sa kanilang trabaho ng mga kwalipikadong programa sa scholarship
- Mga empleyado ng mga ahensya ng gobyerno
- Mga physical therapist, occupational therapist, speech language pathologists, audiologist ng lisensyado ng New York State Department of Education (kung pumapasok sila para sa mga nakatakdang trabaho kapag gusto nila, sila ang nagpapasya ng kanilang iskedyul sa trabaho, may kakayahan silang tanggihan o tanggapin ang anumang trabahong ni-refer sa kanila, at binabayaran sila ng average na sahod kada oras, na hindi bababa sa apat na beses ang laki sa pederal na minimum na sahod)
- Mga independent na kontratistang hindi natutugunan ang kahulugan ng empleyado sa ilalim ng Batas ng Manggagawa ng Estado ng New York
- Mga Kalahok sa Mga Programa ng Karanasan sa Pagtatrabaho
- Mga partikular na empleyadong napapasailalim sa collective bargaining agreement (kasunduan sa kolektibong pakikipagsunduan)³

Abiso Tungkol sa Mga Karapatan ng Empleyado

Dapat kang magbigay sa bawat sakop na empleyado ng nakasulat na Abiso tungkol sa kanilang karapatan sa pagliban para sa kaligtasan at sakit, kabilang ang pag-ipon at paggamit ng pagliban para sa kaligtasan at sakit, karapatang maghain ng reklamo, at karapatang maging malaya mula sa paghihiganti. Dapat isaad ng Abiso ang petsa ng pagsisimula at pagtatapos ng iyong Taon ng Kalendaryo. May karapatan ang mga empleyadong matanggap ang Abiso sa wikang Ingles at sa kanilang pangunahing wika kung mayroong available na pagsasalín sa website ng DCWP nyc.gov/workers. Dapat mo ring ipaskil ang Abiso sa lugar ng trabaho, sa isang lugar na nakikita at sa maaaring ma-access ng mga empleyado.

¹ Tandaan ang petsa sa likod. Ia-update ng Departamento ng Proteksiyon sa Mamimili at Manggagawa (Department of Consumer and Worker Protection, DCWP) ng Lungsod ng New York ang sheet na ito ayon sa naaangkop. Subaybayan ang nyc.gov/workers para sa mga update.

² Naging epektibo ang mga probisyon ng pagliban para sa kaligtasan noong Mayo 5, 2018. Hindi kinakailangang magbigay ang mga employer ng karagdagang oras para sa pagliban para sa kaligtasan; sa halip, dapat payagan ng mga employer ang mga empleyado na gamitin ang naipong pagliban para sa mga layunin ng pagliban para sa kaligtasan.

³ Hindi sakop ang mga empleyado kung maliwanag na tinatalikuran sa kasunduan ang mga probisyon ng Batas at nagbibigay ito ng mga katumbas na benepisyo. Gayunpaman, para sa mga empleyado sa mga industriya ng konstruksyon o grocery na sakop ng collective bargaining agreement, hindi naaangkop ang Batas kung maliwanag na tinatalikuran sa kasunduan ang mga probisyon ng Batas.

Pag-apon at Paggamit ng Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit

Dapat kang/mong:

- Payagan ang mga sakop na empleyado na makaipon ng pagliban para sa kaligtasan at sakit sa oras na nagsimula silang magtrabaho. Ang minimum na rate ng pag-apon ay 1 oras para sa bawat 30 oras ng pagtatrabaho.
- Payagan ang mga empleyado na gamitin ang pagliban para sa kaligtasan at sakit kapag naipon na nila ito.
- Magbigay sa mga empleyado ng nakasulat na dokumentasyon kada panahon ng pagsweldo na nagpapakita kung gaano kadaming pagliban para sa kaligtasan at sakit ang nagamit, naipon at natitira pa sa kanila.

Mga Eksepsiyon: Kung sakop ang isang empleyado ng isang collective bargaining agreement na umiiral noong Abril 1, 2014, magsisimulang makaipon ang empleyado ng pagliban para sa kaligtasan sakit sa ilalim ng batas simula sa petsa ng pagtatapos ng kasunduang iyon.

Pagtatago ng Mga Rekord

Dapat kang magtago at magpanatili ng mga rekord na idinodokumento ang pagsunod sa Batas nang hindi bababa sa tatlong taon. Dapat mong panatilihin kumpidensyal ang anumang impormasyong kaugnay sa mga dahilan ng empleyado para sa paggamit ng pagliban para sa kaligtasan at sakit, maliban na lamang kung pinayagan ka ng empleyadong ihayag ito o hinihiling ng batas ang paghahayag nito. Dapat mong gawing available ang mga rekord sa Departamento ng Proteksiyon ng Mamimili at Manggagawa (Department of Consumer and Worker Protection, DCWP) ng Lungsod ng New York pagkatapos ng abiso, sa pinagkasunduang oras.

Paunang Abiso

Kung nakikinita ang pangangailangan, maaari mong hingin ang hanggang pitong araw na paunang abiso tungkol sa balak ng empleyado na gamitin ang pagliban para sa kaligtasan o sakit. Kung hindi nakikinita ang pangangailangan, maaari mong hilingin sa empleyado na magbigay ng abiso sa pinakamaagang oras na makakaya (makatuwirang panahon).

Dokumentasyon

Maaari kang humingi ng makatuwirang dokumentasyon kung gagamitin ng empleyado ang higit sa tatlong magkakasunod na araw ng trabaho bilang pagliban para sa kaligtasan o sakit. Maaari kang humingi ng:

- note na pinirmahan ng lisensyadong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa pagliban para sa sakit; o
- dokumentasyon mula sa isang provider ng social service, provider na legal na serbisyo, miyembro ng clergy, o naka-notaryong sulat na sinulat ng empleyado kung saan nakasulat ang pangangailangan para sa pagliban para sa kaligtasan.

Hindi mo maaaring hilingin na dapat nakasaad sa dokumentasyon ang dahilan kung bakit ginamit ng empleyado ang pagliban para sa kaligtasan o sakit. Ang pagbubunyag ay maaaring hingin ng mga iba pang batas.

Dapat mong i-reimburse ang mga empleyado para sa:

- mga siningil ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan upang magbigay ng kinakailangang dokumentasyon para sa pagliban para sa sakit; at
- lahat ng makatuwirang gastos o singil upang makakuha ng dokumentasyon para sa pagliban para sa kaligtasan.

Hindi Nagamit na Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit

Maaaring idagdag sa susunod na Taon ng Kalendaryo ang hanggang 40 oras (o, kung naaangkop, 56 na oras epektibo mula Enero 1, 2021) ng hindi nagamit na pagliban para sa kaligtasan at sakit ng isang empleyado. Gayunpaman, ikaw ay kinakailangan lamang na ipagamit sa empleyado ang hanggang 40 (o 56 na) oras ng pagliban para sa kaligtasan at sakit kada Taon ng Kalendaryo.

Pwede mong piliin—ngunit hindi mo kinakailangan—na bayaran ang empleyado para sa hindi nagamit na pagliban para sa kaligtasan at sakit sa pagtatapos ng Taon ng Kalendaryo. Hindi maaaring ilipat ng empleyado sa susunod na taon ang pagliban para sa kaligtasan at sakit kung binabayaran mo siya para sa hindi nagamit na pagliban para sa kaligtasan at sakit AT binibigyan mo ang empleyado ng bayad na pagliban para sa kaligtasan at sakit na may dami na natutugunan o higit pa sa mga kinakailangan ng Batas para sa bagong Taon ng Kalendaryo sa unang araw ng bagong Taon ng Kalendaryo.

Paghihiganti

Hindi ka pwedeng maghihiganti laban sa mga empleyado para sa paghiling o paggamit ng pagliban para sa kaligtasan at sakit. Kabilang sa paghihiganti ang anumang banta, pagdidisiplina, pagpapaalis, pagpapababa ng puwesto sa trabaho, pagsususpende, o pagbabawas ng oras, o anumang malubhang aksyon sa trabaho laban sa empleyado na pinipigilan ang empleyado mula sa paggamit o pagsubok na gamitin ang anumang karapatang ginagarantiya sa ilalim ng Batas, kung saan kabilang ang mga kilos na kaugnay ng ipinapalagay na katayuan sa imigrasyon o awtorisasyon sa trabaho.

Mga Reklamo

Kung maghahain ang empleyado ng reklamo sa DCWP, makikipag-ugnayan sa iyo ang DCWP para sa nakasulat na tugon. Dapat kang tumugon sa DCWP sa loob ng 14 na araw, o paminsan-minsan ay mas maaga pa depende sa mga paratang. Makikipagtulungan sa iyo ang DCWP para lutasin ang reklamo.

Abiso ng Imbestigasyon

Kung makakatanggap ka ng abiso ng imbestigasyon, ibigay ang lahat ng impormasyon at dokumentong hinihiling. Ang pagkabisong sumunod ay maaaring ituring bilang paglabag sa Batas at maaaring magresulta sa mga multa, dagdag pa sa mga sibil na parusa at remedyo para sa ibang potensyal na paglabag. Ang pagkabisong ilabas ang mga rekord ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa iyong kaso sa kaganapang magkaroon ng paglilitis sa administratibong tribunal ng Lungsod. Magkakaroon ka ng pagkakataong isaayos ang anumang paglabag nang walang paglilitis o pwede kang humarap sa isang walang kinikilingang hukom sa administratibong tribunal ng Lungsod.

Na-update noong 11/20/2020



May Mga Tanong? Para sa higit pang impormasyon o para makipag-ugnayan sa DCWP:

- Bisitahin ang nyc.gov/workers para sa batas at Mga Madalas Itanong
- Gamitin ang Live Chat, na available sa nyc.gov/BusinessToolbox
- Mag-email sa PSSL@dca.nyc.gov
- Tumawag sa 311 (212-NEW-YORK sa labas ng NYC) at sabihin ang “Paid Safe and Sick Leave (Bayad na Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit)”